# Papel ng mga Impormasyon

## Impormasyon ukol sa Mga Karapatan ng Lahat ng Bata na Mag-enrol sa Paaralan

Lahat ng bata sa Estados Unidos ay may karapatan sa isang pangunahing pampublikong elementarya at sekundaryang edukasyon anuman ang kanilang lahi, kulay, pinagmulang bansa, pagka-mamamayan, estado ng imigrasyon, o estado ng kanilang mga magulang/tagapag-alaga. Ang mga distrito ng paaralan na nagbabawal o nagpapahina ng loob ng mga bata para makapag-enrol sa mga paaralan dahil ang kanilang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi mga mamamayan ng Estados Unidos o walang papel ay maaaring lumalabag sa batas Federal.

Tingnan sa ibaba ang ilang halimbawa ng mga katanggap-tanggap na patakaran sa pag-eenrol — kasama ang katunayan ng pagiging residente sa distrito ng paaralan — gayon din ang mga patakaran na hindi maaaring gamitin ng mga paaralan upang tanggihan ang pag-eenrol ng inyong anak.

- **Katunayan ng Pagiging Residente sa Distrito ng Paaralan.**
  - Ang mga opisyal ng paaralan ay maaaring humingi ng katibayan na naninirahan ka sa nasasakupan ng distrito ng paaralan. Ang mga kopya ng bayarin sa telepono at tubig, mga kasunduan sa pag-upa, o iba pang dokumento ay maaaring hilingin para sa layuning ito.Ang mga hinihingi ng distrito ng paaralan upang maitatag ang iyong pagiging residente ay kailangang isakatuparan sa parehong paraan sa lahat ng mga bata.
  - Gayunman, ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring magtanong ukol sa pagka-mamamayan mo o ng iyong anak, o ukol sa estado ng imigrasyon upang mapatunayan ang pagiging residente sa distrito, o hindi rin maaaring tanggihan ng distrito ng paaralan ang enrolment ng batang walang tahanan (kasama na ang batang walang tahahan na walang papel) dahil hindi niya maibigay ang mga kinakailangang dokumento upang mapatunayan ang pagiging residente.

- **Mga Katunayan ng Kapanganakan (Birth Certificates).**
  - Upang maipakita na ang estudyante ay sakop ng kinakailangang pinakamababa (minimum) at pinakamataas (maximum) na edad sa distrito ng paaralan, ang mga opisyal ng paaralan ay maaaring humiling ng kopya ng katunayan ng kapanganakan ng iyong anak.
  - Gayunman, hindi maaaring pigilan ng distrito ng paaralan ang iyong anak sa pag-eenrol sa paaralan dahil mula sa ibang bansa ang katunayan ng kanyang kapanganakan.

- **Mga Numero ng Social Security (Social Security Numbers).**

    - Ang ilang distrito ng paaralan ay humihingi ng social security number ng estudyante sa panahon ng enrolment upang magamit iyon na numero ng pakakakilanlan sa estudyante (student identification number). Maaaring hilingin ng distrito ng paaralan ang social security number ng estudyante, ngunit kung (1) ipinaalam lamang sa estudyante at magulang na ang pagbibigay nito ay boluntaryo at (2) ipinaliwanag kung sa anong layunin gagamitin ang numero.
    - Gayunman, hindi maaaring pigilan ng distrito ng paaralan ang iyong anak sa pag-eenrol sa paaralan kung pinili mong huwag magbigay ng social security number.

- **Datos ukol sa Lahi at Etnikong Pinagmulan.**

    - Ang mga distrito ng paaralan ay may ilang obligasyong Federal at Pang-Estado na iulat ang datos ukol sa lahi at etnikong pinagmulan ng mga estudyante sa kanilang mga paaralan. Maaaring hilingin sa iyo ng distrito ng paaralan na ibigay mo ang lahi o etnikong pinagmulan ng iyong anak para sa layuning ito.
    - Gayunman, hindi maaaring bawalan ng distrito ng paaralan ang iyong anak sa pag-eenrol kung pipiliin mong huwag magbigay ng lahi o etnikong pinagmulan ng iyong anak.

Kung nais mong mas marami pang malaman tungkol sa iyong mga karapatan at sa mga karapatan ng iyong anak sa pag-eenrol sa mga pampublikong paaralan, o kung naniniwala ka na nilalabag ng distrito ng paaralan ang isang batas Federal, maaari kang makipag-ugnayan sa mga sumusunod na ahensiya ng pamahalaan:

- Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice), Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil (Civil Rights Division), Dibisyon para sa mga Oportunidad na pang Edukasyon (Educational Opportunities Section)
  Telepono: (877) 292-3804 (libre)
  Fax: (202) 514-8337
  Email: education@usdoj.gov

- Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education), Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights)
  Telepono: (800) 421-3481
  Email: ocr@ed.gov
  Kung nais mong magfill-out ng online form para sa reklamo, maaari mo itong gawin sa: http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintintro.html.